

Ang Dulang “The World Is an Apple”: Isang Pagsasalin at Pagsusuring Sosyolohikal

EFREN V. MERCADO
CHARLENE J. ROTA
CORAZON A. REVELO


Abstrak

Nilalayan sa pag-aaral na maisalin sa Filipino at masuri sa ilalim ng pananaw na sosyolohikal ang dulang “The World Is an Apple” ni Alberto S. Florentino, Jr. Sa pagsasalin, ginamit ang mga teknik na iminungkahi ng iba’t ibang awtoridad sa larangang ito. Pahapyaw ring tinalakay ang nilalaman ng dula sa ilalim ng pananaw na arketipal, focus ang symbolismong taglay ng mga pangalan ng tatlong tauhan.

Introduksyon

Kaakibat na ng tao ang wika. Hindi matatawaran ang kahalagahan ng wika sa buhay ng tao dahil kung walang wika, walang komunikasyon; kung walang komunikasyon ay walang pagkakaunawaan ang mga tao na hahantong sa kawalang kaunlaran. Ito’y sa kadahilanang ang wika ay isang behikulo para maipahayag ng isang indibidwal ang kanyang mensahe, ideya, at damdamin sa kapwa niya indibidwal.

Ngunit paano lubos na maunawaan ng isang indibidwal ang kapwa niya indibidwal kung magkaiba sila ng wikang sinasalita? Sa pamamagitan ng Tore ni

 Gradweyt ng kursong AB Filipino sa MSU-IIT, nagturo sa Iligan Capitol College si Efren V. Mercado sa unang taon ng kanyang pagiging titser. Nang sumunod na taon hanggang sa kasalukuyan ay nagtuturo siya sa Unibersidad ng Liceo de Cagayan, Cagayan de Oro City. Kinukuha niya ang MA Filipino sa MSU-IIT pa rin. Samantala, mula pagkagradweyt noong 2002 hangang sa kasalukuyan ay konektado naman si Charlene J. Rota sa UBF Electronics Philipppines, Inc, sa MEPZA 2, Cebu. Si Prof. Revelo ang adbaysyer sa pag-aaral.

Babel sa Bibliya, ipinakita na sa atin ng kasaysayan ang kahalagahan ng isang wikang sinasalita ng lahat ng tao. Ipinakita rito na nakagawa sila ng tore dahil nagkakaunawaan ang mga pinuno at ang kanilang mga nasasakupan dahil mayroon silang wikang sinasalita. Ngunit dahil sa kanilang kapalaluan, pinarusahan sila ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng iba't ibang wika upang hindi na sila magkaunawaan; bagkus, alitan ang naghari sa kanila.

Sa Pilipinas, bagama't mayroon na tayong Filipino bilang wikang pambansa, mayroon pa ring hindi lubusang pagkakaunawaan dahil may mga paktor pa ring pumipigil sa pagbabago ng wikang pambansang ito. Isa na rito ang rehiyonalismo. Halimbawa, ang mga Bisaya ay mas papaburan nilang maging wikang pambansa ang Sebuano dahil kanila ang wikang ito. Ngunit hindi ibig sabihin nito na babalewalain o huwag na nating pahalagahan ang mga wikang rehiyonal o katutubo dahil, sang-ayon nga sa Seksyon 7, Artikulo XIV ng Konstitusyon ng 1987, tutulong ang mga wikang katutubo sa pagpanday ng tinatawag na wikang pambansa. Sa usaping rehiyonalismo, kasabay na pumapasok ang kahalagahan ng pagsasalingwika.

Sa Pilipinas, sa pangkalahatan, ang pag-unlad ng larangang pagsasalin ay bunsod ng patuloy na pagsasagawa ng mga hakbang na makatutulong sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng Filipino, at nang magkaroon na rin ng pagkakaisa sa pagkakaiba-iba dulot ng pagiging multikultural at multilinggwal ng mga taong naninirahan dito.

Paglalahad ng Suliranin

Pangunahing layunin ng pag-aaral na maisalin sa Filipino ang dulang may isang yugtong *The World Is an Apple* ni Alberto S. Florentino, Jr. at masuri ito gamit ang sosyolohikal at ang arketipal na pagtalakay. Upang matamo ang mga layuning ito, pinagsikapang masagot ang mga sumusunod na mga tiyak na katanungan:

1. Anong mga teknik ang ginagamit ng mga tagasalin sa pagsasalin ng dulang *The World Is an Apple*? Aling teknik ang mas gamitin?
2. Sa anong panahon ng kasaysayan nakapaloob ang dula? Anong uri ng lipunan mayroon ang dula?
3. Anong mga pwersang panlipunan ang nakaapekto sa buhay ng mga tauhan? Paano naaapektuhan ang mga tauhan ng mga pwersang ito?
4. Anu-anong simbolismo ang makikita sa mga pangalan ng mga tauhan?

Saklaw at Metodolohiya ng Pag-aaral

Sinaklaw lamang ng pag-aaral ang pagsasalin sa Filipino ng dulang *The World Is an Apple* ni Alberto S. Florentino. Nagkaroon din ng pagbibigay-katarungan

sa ginawang salin kung saan sinipi ang ilang mga bahagi ng dulang ginagamitan ng mga teknik sa pagsasalin. Sa pagbibigay-katarungan, ipinaliwanag ng mga risertser kung bakit ang isang partikular na teknik ang ginamit sa pagsasalin.

Bago nabuo, isang mahabang proseso ang dinaanan ng pag-aaral. Sa pagsasalin, binasa ang dula nang paulit-ulit upang makabisado ang diwang nasasaad dito. Habang nagbabasa, inilista ang mga salitang hindi naintindihan pati na rin yaong mga may kahirapang isalin. Sa tulong ng mga diksyunaryong Ingles-Tagalog/Filipino at Tagalog/Filipino-Ingles, napakinis ang dula.

Matapos maisalin ang dula, sinuri ito ng mga risertser gamit ang mga pagdulog na sosyolohikal at arketipal. Sa pagsusuring sosyolohikal, pinalitaw ang mga pwersang panlipunan na nakaimpluwensya sa pagkilos ng mga tauhan. Samantala, pahapyaw ang ginawang arketipal na pagsusuri sa dula at inilimita lamang ito sa simbolong taglay ng mga pangalan ng mga tauhan at ng mansanas.

Resulta ng Pag-aaral

Matapos ang pagsasalin sa tulong ng mga prinsipyo at mga tuntunin sa pagsasalang iminungkahi ng mga awtoridad sa larangang ito at ang pagsusuring sosyolohikal at arketipal, ang mga sumusunod ang natuklasan:

1. Ang mga ginamit na teknik sa pagsasalin ng dula ay adapasyon, pagpapaikli, panghihiram, pagkakaltas, pagpapakahulugan, transposisyon, at estetikong salin. Sa mga teknik na ito, naging pinakagamitin ang teknik na transposisyon;
2. Napapaloob ang dula sa unang bahagi ng dekada singkwenta nang ang Pilipinas ay nasa bahaging muling binubuo ang nawasak na ekonomiya at istruktura dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig;
3. Ang mga pwersang panlipunan na makikita sa dula ay kahirapan, kakulangan ng edukasyon na naging sanhi ng kakulangan ng kaalaman sa mga karapatang pantao, kawalan ng katarungan, katiwalian sa pamahalaan at ang hindi pantay-pantay na distribusyon ng yaman. Ito ang mga pwersang nagtakda sa uri ng buhay na kinasadlakan ng mga tauhan sa dula;
4. Masimbolo ang pangalan ng mga tauhang Gloria, Mario, at Pablo. Ang buhay ng mga tauhang sina Gloria at Pablo ay may simbolong kabaligtaran sa kahulugan ng kanilang pangalan. Kung ano ang pakahulugan ng pangalang Mario ay ito rin ang naging buhay ng tauhang ito.

Rekomendasyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod:

1. Gumawa ng mga pagsasalin ng iba pang akdang pampanitikang nasusulat sa Ingles at iba pang mga wika sa Pilipinas;
2. Pag-ibayuhin ang pagtuturo sa pagsasalingwika upang lubos na maunawaan at magamit ng mga estudyante ang mga simulain, pilosopiya, at teknik sa pagsasalin nang sa ganoon ay madaling mapalaganap ang pambansang wikang Filipino;
3. Magsagawa ng taunang seminar-worksyap sa pagsasalingwika upang lalong lumakas ang larangang ito at nang sa gayon ay mapabilis pang lalo ang pagpapalaganap ng wikang Filipino;
4. Magbigay ng iskolarsyip at pondo ang KWF o iba pang ahensya upang palakasin ang pagsasalingwika na ang pokus ay pagsasalin ng mga katutubong materyales na mula sa mga katutubong wika. Kasabay rin nito ang pagbuo ng mga diksyunaryo ng mga katutubong wika nang sa ganoon ay maengganyong magsalin ang mga gustong magsalin ng mga materyales sa katutubong wika.

Bibliograpi

Alcantara, Ruby V. at Lydia G. Garcia. *Nobela: Mga Buod at Pagsusuri*. Quezon City: Rex Printing Company, Incorporated, 1989.

Batnag, Aurora E. "Ang Paglalapat ng Kultura sa Pagsasalin ng Nobelang Twilight in Djakarta ni Mochtar Lubis." *Lagda*. Antonio, Lilia F., Wilfreda J. Legaspi, at Ofelia J. Silapan, eds. Quezon City: Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP, 1995.

Diksyunaryo ng Wikang Filipino. Manila: Cacho Hermanos, Incorporated, 1989.

English, Leo James. *English-Filipino Dictionary*. Metro Manila: National Book Store, Incorporated, 1977.

Guralnik, David, editor-in-chief. *New World Dictionary of the American Language, Students Edition*. Metro Manila: National Book Store, Incorporated, 1976.

- Gutt, Ernst-August. *Translation and Relevance: Cognition and Context*. Massachusetts: Basil Blackwell, Incorporated, 1991.
- Hufana, Nerissa L. "Pagsasalin sa Filipino ng Ilang Piling Kwentong Bayan ng mga Maranaw para sa Pampaaralang Gamit." Di-limbag na Tesis Pangmaster, Pamantasang Estado ng Visayas, 1996.
- _____. "Pagsasalin sa Filipino ng Sampung Kwentong Bayan ng mga Maranao Tungo sa Pagkakaunawaan ng mga Muslim at mga Kristiyano." Di-limbag na Beybi Tesis Pangmaster, Pamantasang Estado ng Mindanao. 1997.
- Hulguin, Gerelyn G. "Ang Simbolismo sa Nobelang 'Sa mga Kuko ng Liwanag' ni Edgardo M. Reyes," Di-limbag na Andergradweyt Tesis, MSU-IIT, 1995.
- Landicho, Domingo G. *Manwal sa Pagsulat at Pag-aaral ng Maikling Kwento*. Manila: Rex Book Store, 1983.
- Lorenzo, Carmencita S., Zenaida S. de Leon, at Gloria P. San Juan. *Sining ng Pakikipagtalastasang Panlipunan*. Metro Manila: National Book Store, Incorporated, 1994.
- Revelo, Corazon A. *Lektyur sa Filipino 55 (Pagsasalingwika)*. MSU-IIT, Oktubre, 1998.
- Reyes, Soledad S. *Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan*. Pasig, Metro Manila: Anvil Publishing, Incorporated, 1992.

